# MULA SA HOMEMADE JUICE, TUNGO SA TAGUMPAY NA NEGOSYO



CALAUAN, LAGUNA — Ang nagsimula bilang simpleng pagsisikap ng isang ina na mabigyan ang kanyang mga anak ng mas masustansyang inumin ay nauwi sa isang matagumpay na negosyo sa pagkain at inumin na ngayon ay naghahatid ng mga likas na produkto sa mga mamimili sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Si Rhodora Angeles, 57, ng Barangay Mabacan, Calauan, Laguna, ang tagagawa sa likod ng DoRenies Food and Beverage Trading. Nagsimula ang kanyang paglalakbay habang nagtitinda siya ng prutas sa Calamba. Napansin niya noon na madalas uminom ng processed fruit-flavored beverages ang kanyang 10-taong-gulang na anak na babae. Dahil nais niyang magkaroon ito ng mas malusog na alternatibo, nagsimula siyang mag-eksperimento sa kanilang kusina gamit ang turmeric, malunggay at calamansi. Nagustuhan ito ng kanyang mga anak at pinangalanan niya itong Trio Juice.

Mula sa simpleng 350ml at isang-litro na See page 7.

# MEDICAL AT DENTAL MISSION, NAGLINGKOD SA 678 PASYENTE SA DASMARIÑAS CITY




DASMARIÑAS CITY, CAVITE — Umabot sa 678 pasyente ang nabigyan ng libreng serbisyong pangkalusugan sa isinagawang Medical and Dental Mission sa Barangay San Antonio De Padua I noong Agosto 20, 2026.

Layunin ng programa na mailapit sa mga residente ang mahahalagang serbisyong medikal at dental, partikular ang mga mamamayang maaaring nahihirapang makakuha ng regular na konsultasyon at pagsusuri.

Kabilang sa mga serbisyong isinagawa ang libreng medical consultation at dental services, gayundin ang Fasting Blood Sugar (FBS) testing para sa pagsusuri ng blood sugar at Electrocardiogram (ECG) para sa pagtatasa ng ka- See page 7 ..

# CAVITE SERVICE CARAVAN, NAGHATID NG SERBISYONG PANGKOMUNIDAD SA NAIC




The Provincial Government of Cavite continued its commitment to bringing accessible and responsive public services closer to communities as the Cavite Service Caravan successfully rolled out its fifth leg on September 1, 2026, at Naic Town Plaza.

Led by Governor Abeng Remulla, the service caravan further strengthened the provincial government's commitment to inclusive and people-centered governance by delivering a wide range of frontline services directly to Caviteños.

The one-stop caravan brought together provincial government offices, national government agencies, and partner organizations to provide a comprehensive array of programs and assistance designed to address the immediate needs of residents, particularly those with limited access to essential government services.

Among the key services offered were free medical consultations, den- See page 7...

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 25 NO. 29 SEPTEMBER 7 - 13, 2026 P20.00

# Enchanted Kingdom unveils 31st anniversary events and offerings, announces new developments at AGILA The EKsperience: SARIBUHAY




Enchanted Kingdom, the first and only world-class theme park in the Philippines, is set to mark its 31st Anniversary with Fiesta ng Saribuhay, a month-long celebration that puts the country's rich biodiversity at the heart of its enchanting lineup of exciting shows, world-class entertainment, and other anniversary experiences this October.



With this year's theme, EK continues its mission to enrich every guest's visit as it highlights the beauty of the Philippines through a grand showcase of its people, See page 3...

# IMUS RETARDING BASIN TURNED OVER TO CAVITE PROVINCIAL GOVERNMENT



IMUS, CAVITE — The Imus Retarding Basin structures and facilities have been officially turned over by the Department of Public Works and Highways (DPWH) to the Provincial Government of Cavite, marking another step in the province's efforts to strengthen flood control and disaster preparedness.

Cavite Governor Abeng Remulla said the turnover is a significant development in addressing flooding concerns and enhancing the province's climate change adaptation programs.



The retarding basin is expected to help manage and temporarily contain excess rainwater during periods of heavy rainfall, reducing the risk of flood- See page 2...

# Caviteño Food Culture Tampok sa COMELON 2026

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 25 NO. 29 SEPTEMBER 7 - 13, 2026 P20.00

CAVITE CITY — Umigting ang pagtangkilik ng mga Caviteño sa lokal na pagkain at mga produktong gawa ng mga food entrepreneurs sa ginanap na COMELON 2026, kung saan nagsama-sama ang mga foodies upang tuklasin ang iba't ibang klasikong paborito at mga bagong likhang pagkain.

See page 3...



# 21M students to benefit from proposed P10-B learning recovery program

**More than 21 million Filipino learners are expected to benefit from the proposed PHP10.8-billion learning recovery program under the 2027 national budget, targeting persistent gaps in Reading and Mathematics.**

In a statement Monday, the Department of Budget and Management (DBM) said funding for the Project for Learning Upgrade Support and Decentralization (PLUS-D) Program is part of the Marcos administration's push for targeted, evidence-based interventions to address the learning crisis.

A six-year initiative of the Department of Education (DepEd) and the World Bank, PLUS-D will support localized learning See page 2...



# BACOOR NATIONAL HIGH SCHOOL–MOLINO MAIN, HOST NG DIVISION SCHOOLS PRESS CONFERENCE



BACOOR CITY, CAVITE — Nagsama-sama ang mga student journalist mula sa iba't ibang paaralan sa buong dibisyon para sa 2026 Division Schools Press Conference na ginanap noong Setyembre 4, 2026 sa Bacoor National High School – Molino Main.

Layunin ng buong araw na aktibidad na hig- See page 3...

# LRT-1 CAVITE EXTENSION PHASE 2, TARGET SIMULAN BAGO MATAPOS ANG 2026

Tiniyak ng Department of Transportation (DOTr) na sisimulan ngayong taon ang konstruksyon ng Phase 2 ng Light Rail Transit Line 1 (LRT-1) Cavite Extension Project, isang malaking hakbang na inaasahang makatutulong sa pagpapagaan ng matinding trapiko at pagpapabilis ng biyahe ng mga commuter mula Cavite patungong Metro Manila.



Ayon kay DOTr Acting Secretary Giovanni Lopez, nakatakdang simulan bago matapos ang 2026 ang P64.9-bilyong proyekto. Kapag nakumpleto, madaragdagan ang linya ng LRT-1 ng humigit-kumulang 11.7 kilometro at walong bagong istasyon mula Parañaque hanggang Bacoor, Cavite.

Inaasahang magiging malaking tulong ang karagdagang mga istasyon sa libu-libong pasaherong araw-araw na bumibiyahe sa pagitan ng Cavite at southern Metro Manila. Layunin ng proyekto na mabawasan ang pag-asa ng mga commuter sa mga pribadong sasakyan at pampublikong bus at jeepney, habang pinaikli ang oras ng paglalakbay.

Gayunman, naharap sa mga pagkaantala ang proyekto dahil sa mga usapin sa right-of-way o pagkuha at paglilipat ng mga lupang kailangan para sa konstruksyon. Inaasahang matutugunan ang mga natitirang isyu matapos maisagawa ang memorandum of agreement (MOA) sa pagitan ng mga kinauukulang ahensya at pribadong katuwang ngayong Setyembre.

Samantala, binigyang-diin ni Rep. Mark Anthony Santos ang kahalagahan ng agarang pagsisimula ng proyekto, lalo na See page 2...

# PAGAMUTAN NG DASMARIÑAS, IPINAGDIWANG ANG ISANG DEKADA NG SERBISYONG PANGKALU-



DASMARIÑAS CITY, CAVITE — Ipinagdiwang ng Pagamutan ng Dasmariñas ang ika-10 anibersaryo nito sa pamamagitan ng isang 10th Anniversary Gala Night na ginanap noong Agosto 27, 2026 sa Orchard Golf and Country Club sa Dasmariñas, Cavite.

Bitbit ang temang "Isang Dekada ng Pusong Naglilingkod para sa Kalusugan ng Bayan," naging pagkakataon ang pagdiriwang upang balikan at bigyang-pugay ang sampung taon ng dedikasyon, ser- See page 3...

## HEALTH TIP OF THE WEEK

### TAI CHI, MABUTING EHERSISYO PARA SA MGA EDAD 40 PATAAS

Sa pagpasok sa edad 40 pataas, mahalagang manatiling aktibo upang mapanatili ang lakas, balanse at pangkalahatang kalusugan. Isa sa mga ehersisyong maaaring subukan ng mga nasa ganitong edad ay ang Tai Chi, isang banayad ngunit tuloy-tuloy na physical activity na pinagsasama ang mabagal na galaw, tamang paghinga at konsentrasyon.

Hindi tulad ng mga high-impact exercise, ang Tai Chi ay binubuo ng kontrolado at mababagal na kilos na maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng balanse, flexibility at koordinasyon. Dahil dito, maaari itong maging angkop sa mga nasa edad 40 pataas na nais manatiling aktibo ngunit mas gusto ang ehersisyong hindi masyadong mabigat sa katawan.

Sa regular na pagsasanay, maaaring makatulong ang Tai Chi sa pagpapanatili ng muscle strength, mobility at body balance. Mahalaga rin ang tamang paghinga at konsentrasyon habang isinasagawa ang mga galaw, na maaaring makatulong sa relaxation at pagbawas ng stress.

Para sa mga nagsisimula, mainam na magsimula sa simpleng galaw at maikling session bago unti-unting dagdagan ang tagal at intensity. Maaari itong gawin sa bahay, parke o community exercise area basta't ligtas at sapat ang espasyo.

Gayunman, mahalagang makinig sa sariling katawan. Ang mga may iniindang kondisyon o matagal nang hindi nag-eehersisyo ay maaaring kumonsulta muna sa health professional bago magsimula ng bagong exercise routine.

Sa edad 40 pataas, hindi kailangang maging mabigat o mabilis ang ehersisyo upang manatiling aktibo. Sa pamamagitan ng regular na Tai Chi at iba pang angkop na physical activities, maaaring gawing bahagi ng pang-araw-araw na pamumuhay ang paggalaw, balanse at pangangalaga sa kalusugan.

## 21M students to benefit from proposed...

interventions in more than 11,000 schools nationwide.

The program will focus on learners from Kindergarten to Grade 10, including those enrolled under the Alternative Learning System.

Unlike a one-size-fits-all approach, PLUS-D will give participating schools and regional offices greater flexibility to identify learning gaps using their own data and develop appropriate interventions.

These may include teacher training and coaching, learning materials, assessments, digital tools and other measures suited to the needs of individual schools and communities.

The proposed investment comes as the country continues to grapple with weak foundational learning outcomes.

In his budget message, Marcos cited findings of the Second Congressional Commission on Education showing that learning outcomes among Filipino students continue to decline as they progress through grade levels.

DBM Acting Secretary Kim Robert De Leon said the proposed funding is intended to translate education spending into concrete support for learners, teachers and schools.

"More than maintaining institutions, these investments focus more on addressing learning losses, supporting our teachers, keeping young Filipinos in school, improving skills, and building the human capital that will determine our country's competitiveness for decades to come," De Leon said during the presentation of the 2027 National Expenditure Program to Congress. (PNA)

## LRT-1 CAVITE EXTENSION PHASE 2,....

sa harap ng patuloy na pagsisikip ng daloy ng trapiko sa Cavite at mga karatig-lugar.

Ayon kay Santos, mahalagang maisakatuparan agad ang pagpapalawak ng LRT-1 upang magkaroon ng mas mabilis, mas maaasahan at mas episyenteng alternatibo ang mga commuter na araw-araw na bumibiyahe patungong Metro Manila.

Kapag natapos, inaasahang magiging mahalagang bahagi ang Phase 2 ng LRT-1 Cavite Extension sa pagpapalakas ng mass transportation network sa southern Metro Manila at Cavite, kasabay ng patuloy na paglaki ng populasyon at pagdami ng mga biyahero sa rehiyon.

## IMUS RETARDING BASIN TURNED OVER TO CAVITE...

ing in vulnerable areas.

Remulla emphasized that the facility will play an important role in improving Cavite's capacity to manage rainwater and prepare communities for the increasing impacts of climate change.

The turnover also highlights the importance of cooperation between national government agencies and the provincial government in implementing infrastructure projects aimed at protecting residents and communities from flooding.

With the facility now under the Provincial Government of Cavite, local authorities are expected to ensure its proper management and maintenance as part of the province's broader flood mitigation and climate resilience initiatives. Source: Gov. Abeng Remulla

DUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY

## Editorial:

### PATULOY NA PAG-ULAN, NAGDULOT NG PAGBAHA SA ILANG LUGAR




CAVITE—Patuloy na pag-ulan ang naobserbahan sa ilang lugar na nagresulta sa pagtaas ng tubig at pagbaha sa mabababang bahagi ng komunidad.

Dahil sa tuloy-tuloy na buhos ng ulan, mabilis na naipon ang tubig sa ilang kalsada, residential areas at iba pang lugar na mababa ang lokasyon. Nagdulot ito ng abala sa mga motorista at residente, habang patuloy namang minomonitor ng mga kinauukulang awtoridad ang sitwasyon.

Pinapayuhan ang publiko na manatiling alerto, lalo na ang mga nakatira sa mga lugar na madaling bahain. Pinag-iingat din ang mga motorista sa pagdaan sa mga binahang kalsada upang maiwasan ang aksidente at iba pang panganib.

Hinihikayat ang mga residente na patuloy na subaybayan ang mga abiso ng lokal na pamahalaan, PAGASA at iba pang kinauukulang ahensya kaugnay ng lagay ng panahon.

Samantala, inaabisuhan ang mga pamilya na maghanda sakaling magpatuloy ang malakas na pag-ulan at tumaas pa ang tubig sa kanilang lugar. Mahalaga ring tiyaking ligtas ang mga bata, matatanda at iba pang maaaring mas maapektuhan ng pagbaha.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
PAPERPh MEMBER

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Manila under Permit

N0 200305 on May 27, 2003

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

SUBSCRIPTION RATE : P1,000.00/year
Advertising Rate : P200.00/col. cm.
Legal Rate : P160.00/col. cm.



## CAVITE SERVICE CARAVAN, .....

tal and oral health care, laboratory services including electrocardiogram (ECG) and fasting blood sugar tests, pharmacy assistance, fluoride varnish application for children, and emergency medical support to ensure prompt response to health-related concerns.

Employment and livelihood opportunities were likewise highlighted through job matching activities, career coaching sessions, and assistance from participating agencies such as TESDA, PSA, DTI, SSS, OWWA, PNP, Pag-ibig, Philhealth and the Land Bank of the Philippines. Entrepreneurship development, cooperative assistance, and the promotion of locally made products through a trade fair also formed part of the caravan.

The activity also extended agricultural support services, including the distribution of vegetable seeds and seedlings, educational materials, and technical assistance for farmers and fisherfolk to help strengthen local food production and sustainable livelihoods.

Residents also benefited from various social services, including social welfare assistance, family planning counseling, legal aid, and specialized support for persons with disabilities. Veterinary services such as free anti-rabies vaccination, deworming, and pet consultations were likewise made available.

To further promote digital inclusion, the caravan featured digital literacy programs, internet connectivity services, and information booths that raised awareness of various government programs and services.

Joining Governor Remulla during the sixth leg of the Cavite Service Caravan was Vice Governor Ram Revilla Bautista. They were warmly welcomed by Naic officials led by Vice Mayor Jacinta Remulla, and some members of the Sangguniang Bayan.

As the Cavite Service Caravan continues its province-wide rollout, the Provincial Government of Cavite remains steadfast in its mission to make government services more accessible, efficient, and responsive while strengthening local government capabilities through strategic assistance and resource support, ensuring that every Caviteño has greater access to quality public services closer to home. — OPIO

## MEDICAL AT DENTAL MISSION,.

lagayan ng puso.

Sa pamamagitan ng medical mission, nabigyan ang mga residente ng pagkakataong makapagpakonsulta at makapagsagawa ng pangunahing health screening nang hindi kinakailangang gumastos.

Nakatulong din ang aktibidad sa pagtukoy ng mga posibleng health concerns ng mga pasyente at pagbibigay ng kaukulang payo para sa pagpapanatili ng kanilang kalusugan at kapakanan.

Ipinakita ng programa ang kahalagahan ng paghahatid ng serbisyong pangkalusugan nang mas malapit sa mga komunidad, lalo na para sa mga residenteng nangangailangan ng accessible at libreng medical assistance.

Patuloy na mahalaga ang ganitong mga health mission sa pagsusulong ng preventive healthcare at pagpapalakas ng kamalayan ng mga mamamayan tungkol sa regular na pagpapatingin, pagsusuri at pangangalaga sa kanilang kalusugan.

## MULA SA HOMEMADE...

bote, unang ipinagbili ang Trio Juice sa kanilang simbahan, sa mga kapitbahay at sa kanilang puwesto ng mga prutas. Kalaunan, pinalawak ni Angeles ang kanyang mga produkto at noong 2015 ay nakagawa siya ng natural na Rice Kape. Bagama't maliit pa lamang ang kanyang mga benta noon, palagi namang nauubos ang kanyang mga produkto. Dahil dito, nakita niyang may lumalaking pangangailangan para sa mas malusog na pagkain at inumin. Ginamit niya ang sariling ipon at mga pautang mula sa microfinance upang mapalawak ang produksyon at kalaunan ay nakapag-hire ng mga manggagawa.

Isang malaking pagbabago sa kanyang negosyo ang dumating noong 2019 nang matuklasan ng Mga Likha ni Inay (MLNI) ang kanyang mga produkto at maiugnay siya sa CARD-Business Development Service Foundation, Inc. (CARD-BDSFI). Nakatulong ang partnership upang maging mas organisado at pormal ang operasyon ng DoRenies, mapahusay ang produksyon at packaging, at mapalawak ang merkado nito sa buong bansa. Gayunman, muntik nang bumagsak ang negosyo nang dumating ang pandemya ng COVID-19 dahil nahirapan siyang kumuha ng mga hilaw na materyales, hindi gumalaw ang mga imbentaryo at patuloy na nadagdagan ang kanyang mga utang.

Sa tulong ng kanyang financial institution, nakakuha si Angeles ng ₱150,000 pautang mula sa CARD SME Bank upang muling maitayo ang kanyang negosyo. Habang unti-unting bumabalik at lumalaki ang demand sa pamamagitan ng marketing efforts ng MLNI, nakakuha naman siya ng panibagong ₱1 milyon na pautang mula sa CARD Leasing and Finance Corporation (CARD LFC) upang makabili ng mga kagamitan at gawing mas moderno ang kanyang operasyon.

Sa kasalukuyan, may 11 permanenteng manggagawa ang DoRenies, bukod pa sa mga seasonal staff. Gumagawa ang kompanya ng iba't ibang produkto gaya ng Trio Juice, Rice Kape, Calamansi Concentrate, Ginger Tea, Fruit Detox Teas at Turmeric Powder. Noong 2023, kinilala rin si Angeles sa pamamagitan ng Digital Financial Inclusion Award mula sa Microfinance Council of the Philippines dahil sa paggamit niya ng mga digital tools upang mapabuti ang operasyon ng kanyang negosyo.

Para kay Angeles, ang pagnenegosyo ay hindi lamang tungkol sa pagkita ng pera. Ngayong propesyonal na ang tatlo niyang anak at ang kanyang bunsong anak ay tumutulong na sa pamamahala ng pananalapi at compliance ng kumpanya, patuloy niyang binibigyang-halaga ang kalidad ng produkto at kapakinabangan nito sa komunidad.

Simple lamang ang kanyang payo sa mga kapwa negosyante: "Yung gusto mo para sa sarili mo ay gawin mo rin sa kapwa mo." Para kay Angeles, darating ang magandang kita kapag ang isang negosyante ay unang nakapaglikha ng de-kalidad na produkto na tunay na nakatutulong at nakapagbibigay ng halaga sa mga mamimili.

## GUHIT NG KAPALARAN

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) – Sa gawa at wala sa salita makikita ang tunay na pag-ibig. Kung ang manliligaw ay magbibigay ng bulaklak o chocolate, huwag nang pakawalan dahil magiging matamis at maligaya ang relasyon. Lucky numbers at color for the day ang 5, 9, 27, 35 at blue.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) – Matatanggap ang gantimpala sa pagpapahalaga sa tungkulin o pagsunod sa mga payo ng magulang. Lucky numbers at color for the day ang 3, 17, 26, 38 at lemon green.

SCORPPIO: (Okt. 24-Nob. 22) – Maliksi ang katawan, maganda ang mood at isipan. Walang sagabal at tiyak matatapos ang mga gawain. Lucky numbers at color for the day ang 4, 7, 16, 32 at mint green.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) – Madaling magpaunlak ang kamag-anak o kaibigan. Bigyan ng wastong pangangalaga ang kalusugan. Lucky numbers at color for the day ang 11, 22, 33, 44 at gray.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) – Walang mapapala kung barkada ang aatupagin. Sa edukasyon ang higit na batayan ng magandang kinabukasan. Lucky numbers at color for the day ang 6, 11, 23, 33 lavander.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) – Mag-ingat dahil magiging malapit ka sa mga taong mapagsamantala. Huwag basta maniwala kahit kanino. Lucky numbers at color for the day ang 16, 29, 36, 37 at yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) – Walang maaasahan na tulong mula sa kaibigan at kahit kanino. Sariling sikap at ka-yod ka ngayon. Lucky numbers at color for the day ang 5, 10, 23, 42 at red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) – Hindi sinasadya na may matutuklasang lihim, kung nakakatuwa o nakakalungkot, panahon ang makapagsasabi. Lucky numbers at color for the day ay 6, 10, 25, 33 at fuchsia.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) – Sa mga nag-aaply ng trabaho lalo na patungong abroad, inaayunan ng panahon ang tagumpay. Lucky numbers at color for the day ang 4, 13, 21, 36 at yellow.

GEMINI: (May.21-Hun. 21) – May solusyon ang matagal nang gumugulo sa isipan. Ang taglay na talino ang magliligtas sa'yo. Lucky numbers at color for the day ang 6, 11, 28, 36 at green.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) – Kung may balak, ituloy at huwag mag-alinlangan. Kung sa masama ang balak, huwag gawin. Lucky numbers at color for the day ang 4, 13, 24, 35 at pink.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) – Sa tiyaga at sipag makakamit ang tagumpay. Sa mga tamad, kahirapan pa rin ang daranasin. Lucky numbers at color for the day ang 7, 16, 26, 36 at brown.



**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**TRECE MARTIRES CITY**

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee

Versus

**SPS. ROSHA S. BELENO AND**
**PAOLO LEONCIO C BELENO, JR.,**
Debtor/Mortgagor.

**FORECLOSURE CASE NO. F-640-26**
x---------------------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgager, **BDO UNIBANK, INC.,** with business address at 33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas, No. 12 ADB Avenue, Mandaluyong City against the Debtor/Mortgagor, **SPS, ROSHA S. BELENO AND PAOLO LEONCIO C. BELENO, JR.**, with postal addresses at (1) Lot 120 Block 15 KS6 Lancaster, Barangay Navaro, General Tres, Cavite (currently occupied); and (2) Lot 22 Block 67 Grand Catalina, Antel Grand Village, Barangay Bacao , General Trias, Cavite (vacant Lot), to satisfy the mortgage indebtedness which as of **July 19, 2026** amounts to **TWO MILLION NINE HUNDRED NINE THOUSAND SIX HUNDRED NINETY SEVEN PESOS AND 33/100 (PhP2,909,697.33),** Philippine Currency, including interest, penalties and other charges as of said date but exclusive of all other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **September 29, 2026 at 10:00 o'clock** in the morning until 12:00 o'clock noon at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for CASH and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit :

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE**
**No. 057-2022017821**

**Lot No. 22 Block: 6 Plan No. PCS-04-030104**

**Portion of:** THE CONSOLIDATION AND SUBDIVISION OF LOTS 1, BLK 61, 5, BLK. 60, 3, BLK. 59, 4, BLK. 58, 4, BLK, 57, 4, BLK 56, 22, BLK.53, 7-9, BLK. 5, 5, & 6, BLK. 6, ALL OF PCS-04-017881, 23, BLK. 66, 9 & 20, BLK, 71, 9 & 20, BLK. 70, ALL OF PCS-04-026735' 1567 (FRS-04-005500), 1568 (FRS-04-005505), 1569, (RS-04-003739) & 1577, (RS-04-005100 SAN FRANCISCO DE MALABON ESTATE LRC RECORD NO. 5964

**Location:** BARANGAY OF BACAO II, MUNICIPALITY OF GEN. TRIAS, PROVINCE OF CAVITE ISLAND OF LUZON

**Boundaries:**

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | NW | LOT 1, BLOCK 67, PCS-04-030104 |
| 2-3 | NE | ROAD LOT 70, (10.00 M. WIDE), PCS-04-030104 |
| 3-4-5-6-7-8 | NE,SE | ROAD LOT 73 (10.00 M. WIDE), PCS-04-030104 |
| 8-1 | SW | LOT 21, BLOCK 67, PCS-04-030104 |

**Area: ONE HUNDRED FORTY EIGHT (148) SQUARE METERS**

All sealed bids must be submitted to the undesigned on the above-stated time and date

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **OCTOBER 06, 2026** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be

Trece Martires City, August 28, 2026

**REYNALDO L. SALOMA**
Sheriff IV

Copy Furnished:

BDO UNIBANK, INC.
CONSUMER REMEDIAL MANAGEMENT
33rd Floor, BDO Corporate Center Ortiga
No. 12, ADB Avenue, Mandaluyong City

**SPS. ROSHA S. BELENO AND**
**PAOLO LEONCIO C. BELENO, JR.,**
(1) Lot 120 Block 15 KS6 Lancaster, Barangay Navarro, General Trias, Cavite (currently occupied);
(2) Lot 22 Block 67 Grand Catalina, Antel Grand village, Barangay Bacao, General Trias, Cavite (vacant Lot),

**WARNING:** It is absolutely to remove deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale.

Publication: **PAHAYAGAN NG KABITENYO**
Date of Publication: **AUGUST 31, SEPTEMBER 7 & 14, 2026**

**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**Regional Trial Court of Cavite**
**Office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff**
**New Justice Hall, J.P. Rizal Avenue,**
**Kaybagal South, Tagaytay City**
*Email Address: rteltgtocc@judiciary.gov.ph*
*Contact Nos. 09676699985/(046) 419-0464*

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,
-versus-

**SPS. NOEL M. GALICIA AND**
**MARIE KRISTYN T. GALICIA,**
Debtors-Mortgagors.

**EJF NO. TG-26-078**
**FOR:** Application for Extra-Judicial Foreclosure of Mortgage (under Act No. 3135, As Amended)
x---------------------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act No. 4118, filed by mortgagee **BDO UNIBANK, INC.,** a universal banking corporation duly organized and existing under the laws of the Republic of the Philippines, with principal office address at 33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas, #12 ADB Avenue, Mandaluyong City, pursuant to the terms and conditions of the Uniform Loan and Mortgage Agreement (Real Estate) executed and notarized on November 26, 2020 by mortgagors **SPS. NOEL M. GALICIA AND MARIE KRISTYN T. GALICIA,** both of legal age, Filipinos, and with postal addresses at (1) Lot 18 Block 2b, Leo Street, The Avignon Place, Buhay na Tubig, Imus, Cavite; (2) Block 2B Lot 18, The Avignon Place, Buhay na Tubig, Imus City, Cavite and (3) Unit 0318 3rd Floor Wind Residences Tower 3, Maharlika West, Tagaytay City, in favor of the mortgagee, over real estate property including improvements thereon, described in and covered by **CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2020001629** of the Registry of Deeds for Tagaytay City, in order to satisfy the outstanding loan obligation of the mortgagors in the amount of **TWO MILLION THREE HUNDRED THREE THOUSAND SIXTY-FIVE PESOS AND 83/100 (Php2,303,065.83),** as of **July 20, 2026**, the undersigned Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Cavite thru her deputy, Oliver N. Mendoza, will sell at public auction on **October 8, 2026 at 10:00 o'clock** in the morning or soon thereafter, at the New Hall of Justice of Tagaytay City, to the highest bidder, for Cash or Manager's Check and in Philippine Currency, the following property with all its improvements thereon, to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. 076-2020001629**
Registry of Deeds for Tagaytay City

"IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

TOWER 3 - 3rd FLOOR -UNIT-0318, RESORT RESIDENTIAL UNIT-2,UNIT AREA-34.89 SQ. METERS

In the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on **TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2012004157; 2012004158; 2012004159** which embraces and describes the land located at MAHARLIKA WEST, TAGAYTAY CITY with an area of **SEVENTEEN THOUSAND SIX HUNDRED SIXTY-TWO (17,662) Square Meters,** is registered in the name of

Owner: **SPOUSES NOEL M. GALICIA AND MARIE KRISTYN T. GALICIA,** FILIPINOS

**Address:** BLOCK 2B, LOT 18, THE AVIGNON PLACE, BUHAY NA TUBIG, IMUS CITY, CAVITE

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **October 15, 2026** without further notice.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate and verify for themselves the **CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2020001629** the encumbrances thereon, if any there be.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

Tagaytay City, Philippines, August 24, 2026.

**ATTY. VARBRA ANN A. VARIAS-DIMAYUGA**
Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff

**OLIVER N. MENDOZA**
Sheriff-in Charge

WARNING:
IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE, DEFACE OR DESTROY THIS NOTICE OF SHERIFF'S SALE ON OR BEFORE THE DATE OF THE AUCTION SALE UNDER THE PENALTY OF LAW

Note:
Publication was awarded to: **PAHAYAGAN NG KABITENYO**
Date of Publication: **AUGUST 31, SEPTEMBER 7 & 14, 2026**

Copy furnished:

**BDO UNIBANK, INC.**
Mortgage
33rd Floor BDO Corporate Center Ortigas,
#12 ADB Avenue, Mandaluyong City

**SPS. NOEL M. GALICIA AND**
**MARIE KRISTYN T. GALICIA**
Debtors/Mortgagors
(1)Lot 18 Block 2b Leo Street. The Avignon Place, Buhay na Tubig, Imus, Cavite
(2) Block 20B Lot 18. The Avignon Place, Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
(3) Unit 0318 3rd Floor, Wind Residences Tower 3, Maharlika West, Tagaytay City






# PAGAMUTAN NG DASMARIÑAS, IPINAGDIWANG ANG ISANG DEKADA....

bisyo at malasakit sa kalusugan at kapakanan ng mga Dasmarineño.

Sa loob ng isang dekada, naging mahalagang bahagi ang Pagamutan ng Dasmariñas sa paghahatid ng serbisyong pangkalusugan sa mga residente ng lungsod. Ang anibersaryo ay nagsilbi ring pagkilala sa mga health worker, kawani, medical professionals at iba pang indibidwal na patuloy na nagbibigay ng serbisyo sa mga nangangailangan.

Hindi lamang selebrasyon ang isinagawang gala night kundi isang paggunita sa mga taong naging bahagi ng paglalakbay ng ospital. Sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga health professionals at iba pang katuwang, patuloy na naihahatid ang mga serbisyong naglalayong mapabuti ang kalusugan at kalidad ng buhay ng mga mamamayan.

Naging bahagi rin ng pagdiriwang ang pagkilala sa mga katuwang ng Pagamutan ng Dasmariñas. Kabilang dito ang Macrologic Diversified Technologies, Inc., na tumanggap ng plaque of recognition bilang bahagi ng selebrasyon at patuloy na partnership sa ospital.

Ang ika-10 anibersaryo ay nagsilbing paalala na ang tunay na sukatan ng isang institusyong pangkalusugan ay hindi lamang nakikita sa mga pasilidad at serbisyong naibibigay nito, kundi sa malasakit at dedikasyon ng mga taong nasa likod ng bawat serbisyong ipinagkakaloob sa publiko.

Sa pagpasok sa panibagong dekada, inaasahang magpapatuloy ang Pagamutan ng Dasmariñas sa pagsusulong ng accessible, maaasahan at makataong serbisyong pangkalusugan para sa mga Dasmarineño.

Ang sampung taon ng serbisyo ay hindi lamang isang milestone kundi isang panibagong hamon upang higit pang palakasin ang commitment ng ospital sa pangangalaga sa kalusugan ng bayan—isang dekada ng pusong naglilingkod, at patuloy na paglilingkod para sa bawat Dasmarineño.

# BACOOR NATIONAL HIGH SCHOOL–MOLINO MAIN, HOST.....

it na mapaunlad ang kakayahan ng mga batang mamamahayag sa pagsulat, pag-uulat at malikhaing pamamahayag, habang pinatitibay ang kanilang pagpapahalaga sa responsableng pamamahayag at kalayaan sa pamamahayag sa loob ng paaralan.

Sinimulan ang programa sa pamamagitan ng Resource Talk and Open Forum tungkol sa sportswriting na pinangunahan nina Teresa G. Semino at Jean S. Velasquez. Sinundan ito ng contest proper na pinamahalaan ni Marita S. Icay, kung saan naipamalas ng mga kalahok ang kanilang kaalaman at kasanayan sa larangan ng campus journalism.

Isinagawa ang aktibidad sa pangunguna ng Department of Education sa ilalim ng pamumuno ni Dr. Babylyn Pambid. Dumalo rin bilang mga panauhing pandangal sina Bacoor Mayor Strike B. Revilla, Congresswoman Lani M. Revilla, at Kristine Evangelista, Head ng City Information and Community Relations Department (CICRD).

Nagsilbing lead facilitators sina Marilyn Baroja, Anthony Zeus Caringal at Michael Acuña. Kabilang sa mga eksperto at facilitator na gumabay sa mga kalahok sa iba't ibang kategorya sina Teresa Semini, Jean Velasquez at Maria Icay para sa Sports Writing; Maricel Drio, Mary Ann Ilagan at Welmina Akoi para sa Science and Technology Writing; Teresa Ramos, Nancy Eclarinal at James Vinegas para sa Editorial Writing; Marivic Dinglasan, Rosemarie Cubangbang at Joy Abuan para sa Column Writing; at Imelda Bautista, Brenda Lee Sabino at Feliciano De Vera Jr. para sa Mobile Journalism.

Lumahok sa press conference ang mga student journalist, guro at school principal mula sa iba't ibang paaralan sa dibisyon. Bukod sa kompetisyon, nagsilbi rin itong pagkakataon upang matuto ang mga kabataang mamamahayag mula sa mga batikang facilitator at higit pang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsusulat at paghahatid ng impormasyon.

Binigyang-diin sa aktibidad ang mahalagang papel ng student journalists bilang tinig ng kabataan at bahagi ng school community. Sa pamamagitan ng campus journalism, nahuhubog ang kanilang kakayahang magsuri ng mga isyu, maglahad ng makatotohanang impormasyon at magsagawa ng responsableng pamamahayag.

Naging mahalagang bahagi rin ng press conference ang pagsusulong ng kalayaan sa pamamahayag sa paaralan, kasabay ng pagpapaalala sa mga kabataang mamamahayag na gamitin ang kanilang talento at boses nang may katapatan, pananagutan at malasakit sa komunidad.

Nagtapos ang aktibidad sa pagkilala sa pagsisikap ng mga kalahok, facilitators, guro at organizers na naging bahagi ng matagumpay na pagsasagawa ng 2026 Division Schools Press Conference sa Bacoor.




# Mayor Gemma Lubigan, Pinangunahan ang Rice Distribution Program para sa mga Treceño

TRECE MARTIRES CITY, CAVITE — Matagumpay na isinagawa noong Setyembre 4, 2026 ang Rice Distribution Program para sa mga residente ng Hugo Perez, Cabuco, Inocencio, Aguado at Lapidario.

Sa pangunguna ni Mayor Gemma Buendia Lubigan, naging katuwang sa pamamahagi sina 7th District Representative Ping Remulla, Vice Mayor Bobby Montehermoso, mga miyembro ng 12th Sangguniang Panlungsod, barangay officials, city government employees at volunteers.


*Mayor Gemma Buendia Lubigan at mga katuwang na opisyal at volunteers, habang isinasagawa ang pamamahagi ng rice assistance sa mga residente ng limang barangay ng Trece Martires City noong Setyembre 4, 2026.*

Layunin ng programa na makatulong sa mga pamilya sa kanilang pangunahing pangangailangan sa pagkain.

Binigyang-diin naman ni Lubigan ang patuloy na paglilingkod sa mga Treceño nang may malasakit, pagmamahal at pagkakaisa.

# Caviteño Food Culture....

Dumagsa ang mga bisita sa event upang tikman ang sari-saring pagkain na ipinagmamalaki ng mga lokal na negosyo. Mula sa mga tradisyunal na putahe hanggang sa mga kakaibang food creations, naging pagkakataon ang COMELON 2026 para maipakita ang lawak at pagiging malikhain ng food industry sa Cavite.

